PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**
**APRIL 30, 2020 (12:06 P.M. – 1:22 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Nagpapatuloy po ang ating pagpapaabot ng impormasyon at serbisyo, kasama na po natin si Presidential Spokesperson Harry Roque.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat Usec. Rocky at magandang tanghali Pilipinas. Balitang IATF po tayo at alam ko na inaabangan ninyong lahat ito.

Nagpulong po kahapon ang mga miyembro ng IATF sa kanilang 30th IATF meeting kung saan napagkasunduan ang mga sumusunod: Una po, ang omnibus guidelines sa pagpapatupad ng community quarantine sa Pilipinas na ipatutupad sa lahat ng rehiyon, probinsiya at lungsod o lugar na inilagay sa ilalim ng General or Enhanced Community Quarantine.

Ang pagsasailalim ng mga sumusunod sa Enhanced Community Quarantine simula Mayo 1, 12:01 in the morning hanggang Mayo 15 ng 11:59 ng gabi. Ang mga lugar po under ECQ: National Capital Region; Region III - Central Luzon, maliban po ang Aurora; Region IV-A, iyong CALABARZON; ang probinsiya po ng Pangasinan; Benguet; Iloilo Province; Cebu (Cebu City and Cebu Province); the City of Bacolod; and the City of Davao.

Ang Iloilo City po ay kasama rin sa ECQ. Lilinawin po namin: Ang Iloilo City ay kasama po sa ECQ. Paumanhin po, pero talagang base po iyan sa dami ng kaso at doon sa kakayahan ng lugar na magbigay ng medical services.

Ang grupo po ng 200 Overseas Filipinos galing sa Milan, Italy ay bibigyan po ng PCR test pagdating nila dito sa ating bayan. Iyong mga magte-test pong negative ay exempted na po sa requirement ng facility-based quarantine at papayagan na pong umuwi sa kanilang mga probinsiya, pero mag-a-undergo po sila ng 14-day home quarantine.

Binigyan po ng otoridad si General Galvez bilang NTF COVID-19 Chief Implementer na mag-exercise ng kaniyang discretion para gamitin po ang PCR o Rapid Antibody Test para po doon sa ating mga OFWs - mahigit-kumulang 16,000 - na ngayon po ay nasa quarantine facilities; at sa iba pang mga foreign nationals.

Lahat po ng darating na mga OFWs ay mama-manage po sang-ayon po sa updated algorithm ng triage at management ng repatriated OFWs from high risk or other jurisdiction na i-isyu po ng Department of Health and the Bureau of Quarantine.

Now, iyong Paragraph B po ng Inter-Agency Task Force Resolution 29 is hereby amended as follows: Unang-una po, lahat po ng decision na mag-impose, mag-lift or mag-extend ng community quarantine sa mga probinsiya, highly urbanized cities at mga independent component cities ay decision po ng IATF. Ganoon pa man, lahat po ng mga gobernador ay mayroon pong authority na mag-impose, mag-lift, mag-extend ng ECQ sa mga component cities and

municipalities pero kailangan po ay may concurrence ng relevant regional counterpart body ng IATF.

Iyong mga mayor naman po ng cities and municipalities ay mayroon pong kapangyarihan na mag-impose, mag-lift or mag-extend ECQ sa mga barangay nila; at kinakailangan din po mayroong concurrence ng relevant regional counterpart body ng IATF. This is without prejudice to the authority of the IATF to directly impose, lift or extend ECQ in these areas should circumstances call for it.

Wala pong LGU na pupuwedeng magdeklara ng community quarantine regardless po ng nomenclature o anuman ang tawag nang hindi po sumusunod doon sa proseso na aking sinabi.

Now, ito po iyong omnibus guidelines on the implementation ng Enhanced Community Quarantine; Dahil mahaba po iyan, ipa-publish naman namin in its entirety, ang babasahin ko lang po ay iyong mga bago. Mga bagong provisions ng guidelines na applicable po sa ECQ, kasama po ang Metro Manila.

Ito po, napakadaming lola na tumawag at ang sabi ay kukurutin daw ang singit ko dahil kinukulong ang mga senior citizens. Well, mga lolo/lola, hindi naman po totoo iyan dahil ang ating Presidente at karamihan ng Cabinet ay senior citizen. Pero kaming tatlong narito po ay hindi pa senior citizens – papunta na po sa pagiging seniors.

Sa ECQ po, lahat po ng kabataan below 21 years old at lahat ng matatanda beyond 60 years old, iyong mayroon pong mga immunodeficiency, iyong mayroong mga comorbidities at iba pang mga sakit, iyong mga buntis, kasama po iyong mga tao na naninirahan sa isang bahay kasama itong mga indibidwal na ito ay kinakailangang manatili sa kanilang mga bahay-bahay. Except, number one, indispensible under the circumstance for obtaining essential goods and services or when they are allowed to work in permitted industries and offices.

So mga lolo/lola, hindi naman po kayong completely kulong. Pero, uulitin ko po sa pag-aaral, specially vulnerable po ang mga elderly. Puwede lang po kayong lumabas para kumuha ng essential goods and services, o para magtrabaho sa mga pinapayagang mga industriya.

Sa manufacturing po, tuloy na po ang manufacturing and processing plants of basic food products, medicine, vitamins, medical supplies, devices, equipment at iba pang mga produkto, not limited to soap and detergents, diapers, feminine hygiene products, toilet papers, wet wipes and disinfectants. So mas malawak po talaga ngayon ang allowed sa ECQ. Provided that the establishment involved in the production, manufacturing, packaging, processing and distribution of food may operate at a maximum of 50% in their respective workforce, unless the supply level of a basic product warrants a higher capacity. In which case, magbibigay po ng otorisasyon ang DTI para po doon sa temporary increase of workforce capacity.

Iyong mga delivery services po whether in-house or outsource, transporting food, medicine or other essential goods, delivery of clothing and accessories, hardware, housewares, school and office supplies, as well as pet food and other veterinary products ay allowed na po maski under

ECQ. So iyong mga mahilig pong mag-shopping ng damit sa mga iba't-ibang e-companies, pupuwede na po kayong magpa-deliver.

Iyong power po siyempre, dati pa naman iyang allowed – power, energy, water, information technology and telecommunication supplies and facilities. Ang bago po ay iyong waste disposal services, as well as property management and building utility services.

Ang mga airlines and aircraft maintenance employees including pilots and crews and ship and captains and crew, pupuwede na rin po bagama't this is subject to guidelines to be imposed by the Department of Transportation. Ang guidelines po, dapat may social distancing ng isang metro po. So sa eroplano para hindi lang po iyan every other seat dahil ang isang metro will clearly be every two seats kung hindi ako nagkakamali.

Ang media establishment po, at a maximum operational capacity of 50% of their total permanent staff complement as registered sa DOLE po inclusive of reporters and other field employees as accredited by the PCOO.

Iyong mga construction workers po na accredited ng Department of Public Works and Highways para po doon sa mga ginagawang mga facilities intended for purposes of quarantine and isolation, iyong mga facilities for the health sector, emergency works, flood control and other disaster risk reduction and rehabilitation work.

Iyong mga manufacturing companies and suppliers ng equipment or products necessary to perform construction work; iyong mga manggagawa po na accredited ng Department of Transportation para po magtrabaho doon sa mga utility relocation works; specified limited works across 13 railway projects. Iyong mga railway projects po kasama na po diyan iyong replacements works ng Metro Manila Rail Transit System Line 3; provided na magkakaroon po ng onsite or near site accommodations and/or point to point shuttle service na aayusin ng mga maggagawa.

**SEC. ROQUE:** Iyong employees po ng Philippine Postal Corporation, at a capacity necessary to maintain iyong prompt delivery ng mga serbisyo sa mga kliyente.

Iyong mga empleyado po ng Philippine Statistics Authority, at a capacity necessary to conduct data gathering and survey activities related to COVID-19 and iyong pag-register po at implementation ng National ID System.

At siyempre po iyong mga funeral and embalming services, provided that iyong funeral service and operators are directed to provide shuttling services and/or housing accommodations para sa kanilang personnel and staff.

Iyong mga humanitarian assistance personnel po galing po sa civil society organizations, non-government organizations and United Nations–Humanitarian Country Teams, kasama na po iyong mga indibidwal na gumagawa po ng relief operations to augment the government's response against COVID-19 and other disaster or calamities that may occur, provided they are authorized by their appropriate government agencies or LGUs.

Iyong mga pastor po, mga imam, mga pari at iba pang mga ministro ng mga religious sects and denominations, para po doon sa mga galaw na kinakailangan sa necrological or funeral rites. In this connection, iyong mga immediate family members po ng mga namatay doon po sa ibang dahilan other than COVID-19 ay pupuwede na pong mag-move from their residence to attend the wake or interment of the deceased upon satisfactory proof of the relationship with the latter and social distancing measures.

Mga vet clinics po, pupuwede na; mga security personnel at iyong for purposes po of implementing this, iyong transit by permitted persons to and from the above establishments anywhere within the area covered by ECQ shall now be allowed.

Iyong mga repatriated OFWs po, incompliance with approved quarantine protocols. Iyong mga non-OFWs na kinakailangan po na mag-undergo ng facility-based quarantine.

At iyong mga health workers po and other employees from exempted establishment under this guidelines and applicable Memoranda from the Executive Secretary.

Provided na ang pag-o-operate po ng mga hotel shall be limited doon po sa probisyon ng basic lodging to guests.

Iyong mga regulatory agencies po na mayroong hurisdiksyon sa mga permitted establishments or persons are pupuwede pong mag-issue ng official IATF accreditation IDs. Bona fide IDs po na issued by establishments exempted from the strict home quarantine requirement shall likewise to be honored by law enforcement agencies.

Iyong RapidPass System po ay complimentary doon sa mga existing IATF IDs na na-issue na ng mga member-organizations na patuloy po na dapat i-honor sa lahat ng checkpoints. Sa mga checkpoints, RapidPass puwede, dating IATF IDs puwede. Iyong enrolment po para sa RapidPass ay boluntaryo at will cover iyong mga qualified private sector entities or persons.

The movement of cargo vehicles shall be unhampered, tuloy-tuloy pa rin po ang mga cargo natin sa mga checkpoints. Cargo vehicles as well as vehicles used by public utility companies, BPOs, and export-oriented establishments shall not be subject to an ID system.

Iyong PNP po ay patuloy na magkakaroon ng otoridad para mag-conduct ng inspeksyon sa mga checkpoints para po masiguro ang pagpapatupad ng protocols sa strict home quarantine.

Ang mga government offices and private companies are encouraged to process payroll online po. Doon sa mga hindi pupuwedeng magkaroon ng online, iyong mga payroll managers at iyong ibang empleyado na kinakailangang gumawa ng payroll ay papayagan pong bumiyahe at mag-operate habang covered ng ECQ.

Iyong ilang exemption pa po sa home quarantine requirements through previous IATF Resolutions or Issuances of the Office of the President shall continue to be honored.

Ito naman po ang guidelines para sa General Community Quarantine. Mas mahaba po ito. Uulitin ko po, ang binasa ko lang kanina na guidelines for ECQ ay iyong mga bago, as is, whereis, plus iyong binasa ko kanina lang po.

Ito naman po ang guidelines para sa GCQ:

Kinakailangan po may minimum public health standards. Ibig sabihin, social distancing, pagsusuot ng face mask at siyempre iyong mandatory check ng temperature at paggamit po ng alcohol at iba pang mga sanitizers.

Ang movement po ng lahat ng tao sa areas na nasa ilalim ng GCQ shall be limited to accessing essential goods and services and for work in the offices or industries permitted to operate dito po sa guidelines na ito. Ibig sabihin, iyong mga biyahe para po sa leisure, iyong mga bakasyon, hindi pa rin po iyan pinapayagan.

Ito po, uulitin ko po, huwag na pong mag-rebolusyon ang mga lolo't lola dahil ang Presidente natin ay senior din. Lahat po ng kabataan, younger than 21 years old at lahat po ng seniors in excess of sixty, iyong mga mga mayroong immunodeficiency, iyong mga mayroong comorbidities at iba pang health risk, ang mga buntis, at lahat po ng mga kasama nila sa bahay ay kinakailangang manatili sa kanilang mga bahay except:

1. When indispensable under the circumstances for obtaining essential goods and services; and

2. For work in permitted industries and offices.

Napakadami pong nag-text sa akin na paano daw sila magtatrabaho and the most productive period in life daw is 60 to 70. Hindi po kayo pinipigilan basta allowed na iyong inyong trabaho pupuwede po kayong magtrabaho mga seniors.

Work in government offices may be at full operational capacity. Balik trabaho na po ang mga government offices – local and national. Kinakailangan mayroong social distancing at saka kung pupuwede po magkaroon ng alternative work arrangements as agencies may deem proper in accordance with the relevant rules and regulations issued by the Civil Service Commission.

Ito naman po iyong mga sektor na pinapayagan nang mag-operate. Ito po, dati na: agriculture, fishery, forestry, food manufacturing, food supply chain, including food retail establishment such as supermarket, grocery stores, food preparation establishments in so far as take-outs and delivery services, food delivery services, health-related establishment, logistical sector, information and technology and telecoms companies, the media, lahat po iyan full operational capacity – Category I.

Dati na rin po ito na in-announce ng DTI, Category II Industries: Mining and other manufacturing export-oriented and electronic commerce companies, as well as delivery, repair and maintenance and housing and office services at anywhere between 50% up to full operational capacity and without prejudice to work-from-home and other alternative work arrangements.

Category III: Iyong mga financial services po, BPOs, legal and accounting and auditing services, professional, scientific, technical and other non-leisure services and other non-leisure wholesale and retail establishments at a maximum of 50% work on site arrangement and without prejudice to work-from-home and other alternative work arrangements.

Specific industries under each industries po are reflected in a separate document to be issues by the DTI.

Mayroon pong limited operation ang mga malls ang shopping centers pero hindi pa rin po pinapayagan iyong mga leisure establishments and services. Mananatili pong sarado ang mga iyan. Provided na itong mga malls po and services allowed in the malls shall be allowed to operate in malls and shopping centers at a capacity consistent with Item 5 of this section. Ibig sabihin, at a capacity na dapat po mayroong social distancing and complying with minimum health requirements. Provided further po na, ganoon na naman po, ang mga kabataan below 21 years old hindi pupuwedeng pumasok ng malls, ang mga seniors sixty and above except, again iyong exception po, kapag indispensable under the circumstances for obtaining essential goods and services or for work in establishments na nasa mga malls. Provided finally po that the DTI may issue guidelines to limit foot traffic in such establishments.

Iyong mga essential projects po, public and private construction projects such as but not limited to sewerage, water services facilities, digital work, health facilities and priority projects shall be allowed to operate in accordance with guidelines to be issued by DPWH reflected in a separate issuance.

Amusement, gaming and fitness establishments, as well as those in the kids and tourism industries and all Category IV industries, hindi pa rin po pupuwedeng magbukas! Industries in Category IV are reflected in a separate DTI issuance mentioned above.

Ang mga hotel po at saka similar establishment ay pupuwede lamang mag-operate kapag sa ganitong mga pagkakataon po:

Sa areas sa labas po ng Luzon para po doon sa mga guests na mayroon nang existing booking accommodations for foreigners as of May 1, 2020. So malinaw po iyan ha, for areas outside Luzon, iyong mayroong mga guest po na may booking as of May 1, 2020 pero para po sa mga dayuhan. Iyong mga guest na mayroon pong existing, hindi po future, existing long term bookings at pupuwede rin pong manirahan sa mga hotel and other establishments ang mga distressed Overseas Filipino Workers and stranded Filipinos or foreign nationals.

Puwede rin pong manirahan sa mga hotel iyong mga repatriated OFWs in compliance with approved quarantine protocols. Iyong mga non-OFWs who may be required to undergo mandatory facility-based quarantine o iyong mga healthworkers and other employees from exempted establishments under this Omnibus Guidelines and Applicable Memorandum from the Executive Secretary, provided sa lahat po ng mga pagkakataong ito, iyong hotels po ay mag-o-operate lamang on a limited basis para lang po magbigay ng lugar na matutulugan ng kaniyang mga guests.

Iyong physical classes po ay suspendido habang mayroong GCQ. Ganoon pa man, ang higher education institutes po ay pupuwedeng magklase sa pamamagitan ng 'flexible learning' arrangements para po matapos ang academic year 2019 and 2020. At pupuwede silang mag-operate nang limited capacity para po to receive student's requirements and prepare and issue credentials to students subject to the guidelines as may be issued by the Commission on Higher Education.

Ito po, importante at mabuting balita po - iyong pagbabawal po sa mass gathering ay applicable po, pero ngayon po iyong mga essential work gatherings and religious activities, pupuwede na pong magpatuloy, provided, mayroong social distancing na at least 2 meters. Sa transportasyon 1 meter; sa religious and work meetings, dapat 2 meters ang distansya doon po sa mga nag-a-attend ng work meetings at mga religious gatherings. Provided also po na mandatory ang pagsuot ng face mask, face shield, other facial protective equipment at saka kinakailangan po iyong mga iba pang minimum health requirements eh mapatupad.

Ito po, bago rin – road, rail, maritime and aviation services of public transportation shall operate at a reduced capacity in accordance with the guidelines issued by the DOTr. So mabubuksan lang po ang lahat ng riles, kalye, pantalan at airport sa mga areas na GCQ po ha, GCQ lang. Provided that in all public transports, a strict one meter distance between passengers shall be observed and appropriate engineering controls in place.

Okay, paano naman iyong mga mamamayan natin na magbibiyahe between ECQ and GCQ? Ang general rule – bawal, okay. Pero, ano po ang mga exceptions dito, at ito pong mga rules na ito, applicable lang po ito sa mga pagbiyahe ng tao and goods mula ECQ papunta ng GCQ and vice versa. Okay, at applicable din po ito to an area not under community quarantine to a GCQ or ECQ area and vice versa, okay.

So, ano po ang general rule? Lahat ng non-essential – bawal! Ano po ang mga exception? Sino ang pupuwedeng bumiyahe between ECQ and GCQ and vice versa – Health workers, government officials and government frontline workers, iyong mga bumibiyahe po for medical and humanitarian reasons, iyong mga papunta po ng airport dahil mayroon silang mga flights, iyong mga workers po na nagtatrabaho sa mga pinapayagang mga establishments, at saka iyong mga manggagawa providing essential goods and services and public utilities, iyong mga essential skeletal workforce, iyong mga repatriated OFWs and non-OFWs na pabalik po sa kanilang mga tahanan at iyong iba pang persons transported through the efforts of the national government upon conduct of the necessary quarantine protocols and in concurrence with the receiving LGUs.

Lahat po noong movement ng lahat po ng cargos by land, air or sea within and across areas placed under ECQ or GCQ shall be unhampered, so pupuwede po talaga ang mga cargo. Workers in the logistics sector such as cargo trucking and port operations shall likewise be allowed to transit across areas placed under ECG or GCQ. All LGUs po are directed to strictly abide by this national policy provided only a minimum of 5 personnel may operate cargo and delivery vehicles by land with or without load.

Iyong LGUs po and local health units are hereby enjoined not to issue orders contrary to or inconsistent with solid directives such as but not limited to requiring asymptomatic drivers and crew of cargo of service delivery vehicles to undergo mandatory 14-day home quarantine; Provided further that strict and social distancing measures must be strictly observe which may include if necessary, the putting of additional safe and humane seats or spaces in the vehicles; Provided finally that the PNP retain its authority to conduct inspection procedures in checkpoints for the purpose of monitoring that protocols on a strict home quarantine are observed.

Land, air or sea travel by uniformed personnel and government officials and employees for official business with the corresponding travel authorities especially those transporting medical supplies and laboratory specimens related to COVID-19 and other relief and humanitarian assistance shall be allowed.

At allowed din po iyong mga OFWs, permanent residents of foreign jurisdiction and stranded foreign nationals na paalis papuntang abroad through any of the airports or seaports in areas placed under ECQ or GCQ without any impediment; Provided that this provision shall not be interpreted to allow outbound travel by Filipinos to countries where travel restrictions are in place; Provided further that departing passengers may be accompanied by not more than one person when travelling to an international port who shall be allowed to return to his or her point of origin. Ibig sabihin, wala pong isang barangay na maghahatid, isang tao lang.

Repatriated OFWs or returning non-OFWs who have been issued a DOH or LGU certificate of completion of 14-day facility-based quarantine or those who may be required to undergo a mandatory 14-day home quarantine shall be granted unhampered transit across zones en route to their final destinations in the Philippines. Oo nga naman ‘no, mayroon na silang certificate eh ‘no. For this purpose, LGUs are enjoined to allow maritime vessels or aircraft transporting the abovementioned OFWs and non-OFWs to dock or land at their ports of destination.

Ito naman po, ang general provisions ng Omnibus Guidelines - LGUs are enjoined to enact necessary ordinances to enforce curfew by non-workers in jurisdiction placed under GCQ and to penalize in a fair and humane manner violations of the restrictions of the movement of people as provided under this Omnibus Guidelines. Ibig sabihin, puwede pa rin pong mag-curfew depende po sa LGU, sa kanilang ipapasang mga ordinansa.

Pangalawa, ito po para sa mga residential and community rents falling due within the duration of ECQ and GCQ upon residential lessees in micro, small and medium enterprises not permitted to operate during said period, mayroon pong grace period of 30 days from the last due date or until such time that the community quarantine is lifted shall be observed, whichever is longer without incurring interest, penalties, fees or other charges.

Lahat po ng Pilipino ay mandated to wear a face mask, ear loop mask, indigenous, reusable, do-it-yourself mask or face shields, handkerchiefs or other protective equipment or any combination thereof para po mabawasan iyong pagkalat ng COVID-19. Kahit saan po sila pumunta - papunta sa kanilang bahay o papunta sa trabaho - pursuant to existing guidelines issued by the national government. Concerned LGUs are hereby enjoined to issue the necessary executive

order/ordinances to that effect. Ibig sabihin po, maski GCQ, required pa rin po ang pagsusuot ng mga face masks.

Iyong mga supermarkets po, public and private wet markets, grocery stores, agri-fisheries supply stores, vet supply stores, pharmacies, drugstores and other retail establishments engaged in the business of essential goods are strongly encouraged to extend their store operations to a maximum of 12 hours. LGUs are directed to allow such establishments operate pursuant to the foregoing, ito po ay para magkaroon ng social distancing, provided that in the operation of wet markets, LGUs are encouraged to adopt reasonable schemes to ensure compliance with the strict social distancing measures, such as but not limited to providing for specific daily schedules per sector, barangay or purok as a case maybe. In no case such scheme involve narrowing the hours of operation of the foregoing establishments.

Bawal po na mag-discriminate tayo sa kahit sinong healthcare worker, repatriated OFW and non-OFW dahil mayroon po silang COVID-19 whether confirmed, recovered or undergoing treatment as well as suspect and probable cases and person under monitoring are denounced in the strongest terms possible.

Act furtherance of discrimination such as but not limited coercion, libel, slander, physical injuries and dishonor of contractual obligations such as contracts of lease or employment shall be dealt with criminally, civilly and/or administratively. LGUs are enjoined to issue the necessary executive orders and/or enact ordinances prohibiting and penalizing these discriminatory acts.

Okay, mayroon po ditong request para po doon sa—mamaya ko naman po i-exlain na iyan ‘no, tapusin muna natin ito.

Updates po sa Social Amelioration Program, ay pababayaan ko na po ang ating mga bisita ngayon dahil pagod na ako. Pababayaan ko na po ang ating bisita, ang kagalang-galang po na Secretary ng Social Welfare and Development, Secretary Bautista; at saka Secretary po ng DILG para magbigay ng update sa Social Amelioration Program. Okay, diretso na po tayo sa mga katanungan, okay.

Questions from the media. Kasi itong Social Amelioration Program kung hindi po ako nagkakamali, iyong second tranche ay pag-uusapan pa po bukas, so hindi ko na muna ginamit iyong slides. Alam po natin iyan na wala pang desisyon.

Okay, Maricel Halili, TV 5—kung may tanong po kayo kay Secretary Año at Secretary Bautista tanungin na po ninyo at bago po tayo magtapos siguro sila na po ang magkokomento kung ano ang development ito sa Social Amelioration Program.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, magandang hapo po. Sir, last April 3, base po doon sa talumpati ng Pangulong Duterte about the Enhanced Community Quarantine. He mentioned that, “I govern properly and right, if it makes you happy then you smile, if not you criticize me, walang pigil social media, lahat kayo.”

So Secretary, obviously this contradicts the action of the foreign attaché or the labor attaché in Taiwan when he threatened to deport the OFW who posted criticism "nasty and malevolent" statement against the ECQ implementation of the President. What is the guidance of Malacanang to the labor attaché, Secretary?

**SEC. ROQUE:** Sa totoo lang po, hindi ko napanuod iyung sinabi noong OFW na iyan, pero siyempre po ang Pangulo naman talaga, sa mula't-mula bilang isang abogado kinikilala ang importansiya ng malayang malayang pananalita. Kung anuman po ang reklamo noong [unclear] ay hayaan na po natin at sinabi naman po ng Taiwanese authorities sila na ang bahalang magdesisyon niyan dahil doon naman iyong nire-request noong labor attaché na iyan.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, ay we also have you comment si Senate Minority Leader Franklin Drilon said that that he is urging the recall of [Fidel] Macauyag, the labor attaché, because he is unfit, incompetent and totally unqualified. What do you think about this sir; and as a human rights lawyer, do you think the action of the labor attaché is proper?

**SEC. ROQUE:** I think we need to address this issue to the Secretary of Labor, dahil nasa jurisdiction po niya itong si labor attaché, hindi na po ako manghihimasok na diyan, bahala na po si Secretary Bello diyan.

**MARICEL HALILI/TV5:** Sir, last na lamang po. Naglabas po kasi ng pahayag ng Taiwan Foreign Affairs, I think with regard sa statement po ninyo kahapon. And the Foreign Affairs Spokesperson Joanne Ou said the Philippine authority should stop misrepresenting Taiwan. I quote po, "My country expresses strong dissatisfaction and high regret over Philippine government officials wrongly accusing Taiwan as part of China." What do you want to say, Secretary, to the official of Taiwan, sir?

**SEC. ROQUE:** We have always had one position in this regards together with many countries of the world, I leave it at that.

**USEC. IGNACIO:** Yes, Secretary. From Bella Cariaso of Bandera, iyong sa paggamit ni General Santos ng official letter head ng AFP for personal purpose, sabi Secretary Lorenzana wala po ito sa lugar, ang naging action ng Chief of Staff. Ano po ang naging reaksyon ni Pangulong Duterte dito; hindi ba nag-contradict ang naging aksyon ni General Santos sa motto ng AFP na magpakita ng highest standard of discipline at maging ehemplo sa mga uniformed personnel? Iyan po iyong una niyang tanong.

**SEC. ROQUE:** Well, kung ano po ang reaksyon ni Presidente hindi po namin napag-usapan; so I am not in a position to answer. Pero tingin ko po, I would support the position of our Secretary of National of Defense na he meant well naman po, walang bad motives 'no. So let us leave at that. Kung anuman ang pupuwedeng gawin kay General, bahala na po ang Secretary of National Defense.

**USEC. IGNACIO:** Iyon second question niya, Secretary, iyon daw pong pag-ako ni OWWA Chief Administrator Cacdac na siya ang nag-utos kay Miss Mocha Uson na bisitahin ang mga

OFW na naka-quarantine kaya nag-violate sa social distancing. Bakit it took him days to respond, hindi ba daw ba ito para lang matapos na ang isyu?

**SEC. ROQUE:** Hindi naman po, I think bising-busy ang OWWA at they need the services of everyone in that agency. So, we will accord good faith to the statement of Administrator Cacdac that he will deal with it in due course.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Secretary, just to clarify, iyong lahat po ng nasa inyo including po iyong places and the lists of industries, all of these are final na po or kailangan pa po ng approving authority ni Pangulong Duterte?

**SEC. ROQUE:** I checked po 'no and it's been approved by the President. This is a final report and it has been approved and the signed document will be issued in due course.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Secretary, doon sa public transportation lang, you mentioned may mga kaunting modes na tayo ng transportation na pupuwede. I just want to be specific lang po, like for example kung pupuwede na po ang jeep and bus, how do we ensure iyong physical distancing ng mga pasahero po?

**SEC. ROQUE:** Can I direct the question to Secretary Año?

**SEC. AÑO:** Regarding sa transportation, sa under GCQ ia-allow iyong ibang public and mass transportation provided mayroong 1-meter distancing at saka mayroon pang mga additional preventive measure 'no na dapat like for example thermal scanning bago sasakay at saka mayroon din siyang mga hands sanitation.

Now, iyong jeepney ay hindi pa iyan pinapayagan sapagkat makikita ninyo iyong configuration ng jeepney, magkakaharap iyong tao diyan, kapag lumabas iyong isang pasahero diyan mabugahan niya lahat ng dadaanan niya.

So, iyong mga PUVs, taxis, may guidelines na rin nag DOTr diyan. So, ilalabas naman ng DOTr iyong lahat ng guidelines.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Secretary, for example sa bus, mayroon ba kayong ilalagay na may mga seats na hindi puwedeng upuan, just to be sure lang po na masusunod iyong physical distancing inside the public transportation, sir?

**SEC. AÑO:** Yes, normally 50% lang ang maa-accommodate sa capacity niya, kung 50 ang kanyang capacity 25 lang ang makakasakay doon at gagawan nila nga paraan na alternate ang pag-upo ng mga pasahero at mandatory pa ang wearing of face mask; and even face shield mas maganda.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Papaano po iyong monitoring nito, sino po iyong dapat na magi-insure na nasusunod po per transportation vehicle iyong physical distancing at sino po iyong maninita for violations?

**SEC. AÑO:** Tulung-tulong tayo dito, ang LTO officials, ang MMDA at ang Philippine National Police ay magkakasama tayo dito. Mayroon naman I-ACT Task Force, gumagana naman iyan, so tulungan ang kami dito para sigurado na maipatupad itong physical distancing.

**SEC. ROQUE:** Thank you, that's three questions already.

**JOYCE BALANCIO/DZMM:** Sir, one last na lang po for me. Sir Metro Manila Mayors po ay sumulat po sila, they are requesting for an extension for the deadline of iyong subsidy from SAP. Papayagan po ba natin ito, kasi marami po silang valid reasons naman po bakit hindi nila nahabol iyong deadline.

**SEC. AÑO:** Yes. Pinag-aralan namin ni Secretary Rolly Bautista iyong situation ng Metro Manila at iba pang mga lugar na may high density population ng mga urban poor families. At nakita namin na valid naman iyong kanilang reasons kasi kaya naman nilang i-distribute iyan talaga sa takdang oras, pero maba-violate iyong physical at social distancing so, balewala din iyon, na-defeat din natin iyong purpose na huwag mag-spread iyong virus.

So we are thinking of granting extension to these LGUs, particularly the National Capital Region, the provinces of Cavite, Rizal, Laguna, Bulacan, Cebu City and Davao City. So we'll be providing them 7 days extension. And for other LGUs na may problema, 4 days extension. And they have to liquidate immediately para mai-prepare iyong second tranche, kahit mag-partial liquidation para tuluy-tuloy. Kapag once ma-full liquidation na sila ay may basis na ngayon iyong ating DSWD para ilabas iyong kanilang second tranche. Of course may validation silang gagawin doon sa liquidation.

So ito ay pagkilala sa mga LGUs natin na nakita naman nating nagtatrabaho 'no. Pero physically and mathematically really very impossible na magawa iyong pag-distribute sa dami ng pamilya ng kanilang nasasakupan.

**SEC. ROQUE:** Siguro bago iyong next question, si Secretary Bautista for the update on the Social Amelioration Program?

**SEC. BAUTISTA:** Maraming salamat, Secretary. As of April 29, ang DSWD ay nakapamahagi na ng 80.8 billion na pondo sa 1,515 na LGUs sa buong bansa. Ibig po nating sabihin na 98.8% ng budget na itinalaga para sa Social Amelioration Program implementation ay naibaba na sa lokal na pamahalaan. Ang mga LGUs ay naipamahagi na ang ayuda sa humigit 5.7 million low income, non-Pantawid Pamilya Pilipino Program families na nagkakahalaga ng 33.3 billion.

Sa ngayon, 104 LGUs na po out of 1,632 ang naka-100% payout. Karagdagan dito ay mahigit 16.3 billion na ang naipaabot sa 3.7 milyong 4Ps beneficiaries na cash card holders sa buong bansa at 36.4 million para sa 7,874 4Ps beneficiaries na walang cash card accounts. Mahigit 323.3 million na rin ang naibahagi sa higit 40,418 na transport network vehicle service at public utility vehicle drivers sa NCR.

Sa pangkalahatan, umabot na sa 50 billion ang naipahatid sa humigit 9.4 million benepisyaryo ng Social Amelioration Program for the first tranche ng pondo na ibinaba sa DSWD.

**SEC. ROQUE:** Okay. Rocky..?

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, from Kris Jose of Remate. Mayroon po siyang tatlong tanong: Tomorrow daw po ay Labor Day na, nananawagan po iyong mga manggagawa na income guaranteed sa pamahalaan na dagdagan po ang pondo para sa cash assistance ng DOLE para daw po mas marami ang mabigyan ng ayuda dahil nga po sa COVID-19. Naniniwala daw kasi iyong labor group na marami pang mapagkukuhanan ng pondo para sa mga manggagawa. Ito daw po iyong magandang regalo na maibibigay sa kanila ng pamahalaan ngayong Labor Day.

**SEC. ROQUE:** Ay, mag-a-unveil po tayo ng recovery plan para nga po sa ating mga manggagawa. It will be announced sa May 1 po.

**USEC. IGNACIO:** Reaction daw po na may ikinakasa ring online protest ang mga manggagawa sa May 1st para po ipanawagan at ipahayag ang kanilang hinaing sa gitna po ng health crisis.

**SEC. ROQUE:** Well, siyempre po, ire-remind ko lang po under ECQ, bawal po ang physical gathering 'no. So puwede naman po kayong magprotesta online kung ninanais ninyo, huwag lang nating lalabagin iyong ECQ dahil mas malaking banta iyan sa kalusugan. Hinahayaan naman po natin na magsalita at ilabas ang hinaing ng ating mga uring manggagawa, bagama't nakikita ninyo naman po sa panahon ng pagsubok ng COVID-19 ay napakadaming programa po na nilabas ng DOLE para sa manggagawa. At hindi lang po DOLE iyan 'no, nandiyan na nga po iyong SAP na nakikinabang ang mga manggagawa at saka iyong Salary Subsidy Program for small and medium enterprises.

**USEC. IGNACIO:** Iyong last question ni Kris, umapela po si Senator Joel Villanueva na dagdagan ang pondo ng emergency employment programs ng DOLE katulad po ng CAMP at TUPAD. Ang hirit po kasi daw ng DOLE ay 7.8 bilyon para ipatupad ang emergency employment program, pero 4 billion lang daw po inaprubahan ng pamahalaan para sa 2.3 million na manggagawa na naapektuhan ng lockdown.

**SEC. ROQUE:** Well, mayroon iyong programa nga po natin na Salary Subsidy Program, 51 billion po iyan at intended po iyan para magpatuloy dahil naubos na nga at natigil na iyong programa ng DOLE. So that's 51 billion pesos for workers po ng small and medium enterprises. Titingnan pa po natin kung pupuwede pang additional ayuda para sa ating mga manggagawa pero limitado rin po ang mga pangtaunang budget.

Trish?

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Good afternoon, Secretary. Sir my question is a follow up doon po sa Social Amelioration Program. So, dahil mayroon pong delays doon sa distribution ng first tranche o dahil doon sa problems. Ibig sabihin po, madi-delay na rin po iyong distribution ng second? When is the earliest possible date of distribution for the second tranche po?

**SEC. ROQUE:** Secretary Bautista po ang sasagot.

**SEC. BAUTISTA:** Marami pong salamat sa inyong katanungan. Actually po, mayroon po talagang implikasyon kapag ang SAP first tranche ay hindi maibibigay. Unang-una, siyempre iyong pangangailangan ng mga dapat makatanggap noon - target beneficiary, ay hindi natutugunan dahil wala silang ayuda o pambayad sa kanilang mga pangangailangan.

Ang pangalawa dito ay kapag dini-delay ng atin pong mga LGU ang pagbibigay ng kanilang liquidation, ay ang magiging proseso po doon, kapag sinubmit po nila ang dokumento after their last payout, ay sa proseso po ng DSWD ay magkakaroon din po kami ng time/araw para i-validate ang mga dokumentong kanilang isa-submit. Ito po iyong pagkakataon na kailangan maging istrikto tayo sa validation dahil iniiwasan po natin dito iyong sinasabi nating duplication, at the same time iyong baka mayroong mga ineligible na naisama na nabayaran.

So, pag sumatotal noon, kung kami, iyong sa aming guidelines na within 15 days ma-validate namin iyan, ang mangyayari is ganoon din, maibibigay namin ang second tranche after the 15 days validation. Pero hindi ko sinasabi na ang pagba-validate namin will take 15 days. Kaya ngayon pumayag na ako na iyong sinasabi ng ating mga local government units na kahit na hindi pa tapos ang full payout ay uunahin na nila magbigay ng dokumento, i-liquidate iyong kanilang mga nabayaran.

Sa tingin ko advantage iyan on their side at sa amin dahil habang hinihintay natin iyong full validation ay naba-validate na namin on our side, kaya hindi po magkakaroon ng patung-patong na validation, hindi po tatagal ang panahon ‘no para sa second tranche. Pero inuulit ko lang, ibibigay lang po namin ang second tranche kapag mayroon na pong full validation ang LGU.

**SEC. ROQUE:** Si Secretary Año wants to add.

**SEC. AÑO:** Kaya nga ang bola rito ay nasa ating mga LGUs. Halimbawa iyong mga lugar na high density population at sinabihan natin ng additional 7 days ay hindi ibig sabihin uubusin mo iyong 7 days. Kung kaya mong matapos nang apat na raw iyan, tapusin mo kaagad. First come, first serve basis kaagad iyan eh, kapag nakapagbigay ka kaagad sa DSWD ng liquidation mo, mauuna ka ring ma-release kaagad ng second tranche mo. So, ang bottom line dito ay talagang kailangang bilisan natin without sacrificing physical distancing at magsuot tayo ng mask.

Ang guarantee lang natin ay makakatanggap lahat pati iyong mga naiwanan, makakatanggap iyan.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** But, sir, how do we reconcile the fact na, of course, may problem tayo with manpower, we want to be careful about distribution but at the same time, sa haba na rin po ng ECQ, maraming pamilya na rin daw po iyong nagugutom? Then there’s also this factor na napupulitika daw iyong pamimigay po ng SAP or distribution nitong financial aid.

SEC: AÑO: Mayroon tayong guidelines diyan ‘no na walang mamumulitika kaya nga ipinagbawal nating iyong governors and mayors na sasama sa distribution para walang pulitika na kulay. Pero sila, trabaho nila ang mag-monitor at mag-account kung tama ang naibibigay na mga distribution.

Now, mayroon na tayong mga binigay ng atensyon na nagba-violate na ganiyan ‘no. For example, may isang siyudad dito sa Central Luzon ay pinagtipun-tipon niya iyong mga tao at doon siya’t namigay ng amelioration – so hindi po pupuwede iyon. Kailangan ang ating mga barangay opisyal ang magbibigay niyan, katulong ang atin DSWD, katulong din iyong ating mga MLGOOs [Municipal Local Government Operations Officers]. So sa panahon ngayon ay ayaw natin na magkakaroon ng bahid pulitika ito; at kung mayroon man, i-report po ninyo sa amin. Mayroon kaming complaint center, 24/7, aaksyunan natin iyan.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Secretary, one last po ‘no. With the extended ECQ in critical areas, allowed daw po ba iyong LGUs na mag-improvise ng implementing rules? Like for example, sa Cavite, they will implement a calibrated lockdown.

**SEC. AÑO:** Mayroon tayong ibinigay na omnibus guidelines, doon sila susunod. Ang sinasabi siguro nila ay maaaring sa borders ay maghihigpit sila, okay din iyon basta iyong mga exemptions na nandoon sa ECQ/GCQ, like unhamper flow of goods, iyong mga exempted workers, health workers ay hindi iyan dapat pipigilan. So nasa kanila naman iyan basta hindi lalabag doon sa IATF guidelines.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Thank you po.

**SEC. ROQUE:** Okay, Secretary Bautista?

**SEC. BAUTISTA:** Nais ko lang idagdag ano sa mga sinabi ng ating Kalihim Año na sinusuportahan po namin iyong kanilang hakbang na ang mga barangay po ay mag-post ng mga lists of beneficiaries. Malaking bagay po iyan kasi ang lahat ng mga makakakita noon, lahat ng tao ay magiging guwardiya para masigurado natin na transparent at karapat-dapat ang mga nakakatanggap ng benepisyo.

Sa side naman po ng DSWD ay ipinost po namin sa amin pong website, nagkaroon po kami ng link para makita rin po iyong mga listahan ng mga benipisyaryo bawat barangay. Kaya talagang sinusuportahan namin ang DILG para masigurado natin na ang dapat makatanggap ay iyong talagang eligible lamang.

**SEC. ROQUE:** Okay. Next question? Back to Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Okay, Secretary, dalawa ang tanong ni Vanz Fernandez ng Police Files. Ano daw po ang plano ng government para balansehin ang country’s budget after spending o gumastos nang malaking pondo para po sa COVID-19 crisis?

**SEC. ROQUE:** Well, ang sabi nga po ni Secretary Dominguez ay sapat naman po ang ating pera para sa COVID crisis bagama’t ito ay paabos na. At depende nga po kung ano ang mga developments dito sa COVID-19, siyempre makikipagtulungan tayo sa Kongreso dahil nga po sa Saligang Batas, “No Public money can be spent without congressional approval.”

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang second niyang tanong, kung kinu-consider ni President Duterte at ng Defense department iyong dagdag deployment ng AFP troops para sa terror groups kasi tila daw po sinasamantala iyong nangyayaring COVID-19 crisis sa mga isinasagawang pag-atake?

U**SEC. ROQUE:** Well, inaasahan naman po natin iyang mga gawaing bandido gaya ng ganiyan. Ang ina-assure lang po ng ating Kalihim ng National Defense ay mayroon po talagang mga sundalo na naka-assign para habulin ang mga bandido, at mayroon talagang mga sundalo na naka-assign para tumulong dito sa relief efforts ng COVID-19.

Si Joseph Morong …?

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, just a couple of questions. First, sa GCQ, you mentioned allowed na iyong mga mass gatherings like religious activities and also weddings?

**SEC. ROQUE:** Si Secretary Año.

**SEC. AÑO:** Ang mass gatherings ay prohibited pa rin except iyong tinatawag natin na iyong relevant activities like in line of work at saka religious activities like mass, provided mayroon silang two meters physical distancing; wearing of facemasks or face shield; and of course, nandoon pa rin iyong ating tinatawag na thermal scanning at saka hand sanitation.

So nasa atin pong mga religious leaders na kung papaano po ito ipapatupad. May mga gumagawa naman nito before, like for example iyong Iglesia Ni Cristo, iyong isang serbisyo nila ay ginawa nilang tatlo para one-third, one-third, one-third so ma-satisfy nila iyong two meters distance between worshippers. So iyon ay allowed under GCQ.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Okay. Sir, when we say mass gatherings, ilang tao ba ito before we can consider it it’s a mass gathering?

**SEC. AÑO:** Wala na tayong dinifine dito na numero kasi kapag sinabi mong sampu, magpipilosopo iyan – maggu-grupo sila ng siyam-siyam diyan. So ang importante dito ay distansiya, two meters; at walang magkakasama at magkakatabi so wala na tayong numerong pinag-uusapan dito. Anyway, ang nakalagay naman doon, “Mass gathering is prohibited except …,” iyon lang iyong sinabi natin.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Okay. Sir, iyon pong sa movement ng mga workers, kailangan pa po ba nila ng worker pass?

**SEC. AÑO:** If you are referring to the GCQ—

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Yes, sir.

**SEC. AÑO:** Yes, dito naman sa GCQ ay hindi na masyadong problema katulad ng ECQ basta dala-dala lang nila iyong kanilang company ID or certification of their employment ay okay na iyan. Sapagka’t makikita natin sa GCQ, halos ay… except for Category 4, ay almost pinayagan na po naman iyong mga industries under the three categories.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, ito medyo practical question—sir, wait lang, hold on.

**SEC. ROQUE:** Last question na ito, fourth question.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Sir, puwede bang bumiyahe iyong isang taga-ECQ papunta ng GCQ, bibisitahin ang kamag-anak or kailangang pumunta sa isang libing or something?

**SEC. AÑO:** Kapag pupunta ka sa ECQ area, mas mahigpit. Iyon lang sa exemption lang ng nasa ECQ like health workers, workers for essential goods, iyong may mga emergency cases, iyong magpapagamot at emergency cases sa hospital, so iyon lang iyong mga ia-allow. So kung galing ka ng GCQ papuntang ECQ, bibisitahin mo lang iyong kamag-anak mo, hindi ka makakapasok doon. Pero sa GCQ, between GCQ, mas maluwag.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** Okay. Sir, last, last, question.

**SEC. ROQUE:** Second last question.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** In terms of our data, sir, naka-lockdown tayo—and somebody pointed it out sa Twitter 'no. Naka-lockdown tayo for more than a month already. So ang idea is, if you're locked down, dapat walang mga bagong infections, tama ba?

**SEC. AÑO:** Yes, oo, that's correct.

**JOSEPH MORONG/GMA7:** But bakit po tayo may nakikita na… sa data ng DOH na … kahapon, 254 cases. Saan galing iyong 254 cases? Is this a backlog?

**SEC. AÑO:** Well, tumaas na kasi iyong ating testing capacity 'no, nasa 6,000… almost 6,300 a day na tayo. Iyong dati nating mga PUMs na ginawa nating naka-quarantine at saka iyong mga PUIs na naghihintay ng testing, inuubos na natin sila eh dati na silang positive, ngayon lang natin nalaman kasi nga na-test na sila.

Kapag dumating pa tayo sa capacity natin na umaabot na tayo ng 30,000 test a day, mas lalo nang … hindi na natin kailangan ng lockdown sapagka't we can beat the virus faster. Instead of waiting for symptoms, mate-test na natin, malalaman na natin kaagad na positive siya, then maia-isolate mo na kaagad siya, hindi na siya makakapanghawa.

Sa ngayon kasi, fourth reset na natin ito noon ng 14 days quarantine 'no kasi every reset is 14 days. Ginawa natin ito kasi gusto nating ma-increase iyong ating mass testing capacity at saka healthcare capacities para kung magkaroon ng second wave, kaya natin i-address. But in the process, we are able to flatten the curve kasi nga napigilan na natin iyong mga movement ng mga tao. Sana ay maging new normal na sa atin ito na kung hindi kinakailangan, huwag kang lalabas ng bahay – iyon naman talaga iyong key. So this lockdown really helped us a lot and saves lots of lives. Thank you.

**SEC. ROQUE:** Okay. Back to Usec. Rocky

**USEC. ROCKY:** Okay. Secretary, iyong tanong ni Francis ng Daily Tribune, I think pareho rin ng tanong na ni Joseph Morong about sa DOH at saka iyong may 8,000 na tayong positive case. Iyong kay Jopel Pelenio ng DWIZ: Iyon daw pong distribusyon ngayon ng SAP, papaano daw po nakakasiguro ang lahat na nakakarating sa tamang tao ang tulong ng pamahalaan para sa tunay na nangangailangan ngayong panahon ng health crisis? At kung may mga natukoy na daw po ang DILG na mga lugar o barangay na may mga nangyaring katiwalian sa pamamahagi ng ayuda at maaari po bang malaman kung ano ang mga lugar na ito?

**SEC. ROQUE:** Secretary Bautista and then Secretary Año.

**SEC. BAUTISTA:** Unang-una, malaki ang tiwala natin sa ating mga LGU para i-implement iyong Social Amelioration Program. From the start, nagkaroon na po tayo ng mga konsultasyon para sa ating mga LGU, legislators at iba pang sektor ng ating lipunan para ma-ensure natin talaga na iyong dapat na intended na ayuda para sa ating mga kababayan ay makarating sa kanila.

Ngayon, sabihin natin na mayroon tayong nakikitang mga irregularities or anomalies, kaya po ini-encourage po namin talaga lahat ng sambayanan na sumama sila at maging guwardiya para ma-ensure na talagang iyong dapat na makatanggap ng ayuda ay nakakatanggap.

Ngayon, may mga safety nets po na ginawa ang ating DILG na idi-discuss po niya mamaya pero sa suma-total nito ay siguro, ay ito ang panahon talaga na iyong sinasabi nating bayanihan spirit na kailangan magsakripisyo ka para makatanggap iyong talagang nangangailangan. Sa part ng LGU, nasa kanila ngayon ang pagkakataon para i-prioritize talaga ang mga kababayan nating nangangailangan.

**SEC. ROQUE:** Okay. Secretary Año?

**SEC. AÑO:** Sa ngayon ay patuloy ang pagdo-dole out ng ating mga barangay officials at kasalukuyan din nating mino-monitor ang kanilang mga galaw. Iyong opisina ni Usec. Martin Diño ng Barangay Affairs at National Barangay Operations Office, ang trabaho lang talaga niyan ay i-monitor ang 42,000 barangays sa buong Pilipinas.

Marami na kaming nakuhang mga reports about barangay officials na ang binibigyan ay hindi naman talaga karapat-dapat, lahat iyan ay gina-gather na natin. Hindi muna ako magpapangalan ng mga lugar pero sa ngayon kasi ay tuloy-tuloy pa, pero hahabulin natin lahat ng mga magkakaroon ng katiwalian.

At kasama doon sa inisyu natin, iyong pagpoposte o paglalagay, pagpapaskil ng mga pangalan ng mga nakatanggap para magkaroon ng transparency, makita ng mga tao na ito iyong tumanggap at makita rin ng lahat na karapat-dapat ito. So, we will exact accountability to our barangay officials.

**SEC. ROQUE:** Okay. So, Usec. Rocky kung wala nang ibang tanong ay I will give the floor to Secretary Bautista for his last words.

**USEC. ROCKY:** Sir, mayroon pa po. May tanong pa, Secretary.

**SEC. BAUTISTA:** [OFF MIC] Mayroon pa raw.

**SEC. ROQUE:** [OFF MIC] Mayroon pang question?

**USEC. ROCKY:** May question pa, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Paki basa na po lahat ng question.

**USEC. ROCKY:** Dalawa itong tanong ni Tina Mendez kasunod si Rose Novenario. Kung puwede daw pong mag-follow-up doon sa sinasabing tulong dapat sa middle class families dahil sa kahirapan na nangyayari dulot ng COVID-19, nag e-expect din sila ng same cash benefits na ipinagkaloob po katulad po sa SAP at iyong second question—

**SEC. ROQUE:** May programa po na inilunsad ang Department of Finance at iba pang mga ahensiya, iyan po ay 51 billion Salary Subsidy Program. Na-move po ang deadline up to May 8 so pupuwede pa pong mag-apply. That's 51 billion. Next question?

**USEC. ROCKY:** Iyong kung puwede daw pong ikonsidera ng IATF iyong pagbibigay ng grace period para sa mga pagbabayad ng mortgage, iyong mga loans, sa housing o car doon po sa bangko and other government institutions? Kung puwede daw magbigay ng same leeway on payment sa mga commercial leases and apartment rents?

**SEC. ROQUE:** Well, iyong grace period po, a matter of law iyan so iyan po ay nasa batas, it is nationwide and until there is ECQ, para po iyan sa mga loans. Pero para po sa mga renta, may pagkakaiba po, ito po ay sang-ayon sa DTI. Iyong grace period po na thirty days applies to business rents and this applies also for the period under GCQ.

So, ECQ and GCQ, iyong mga upa ng mga nagnenegosyo applicable pa rin po iyong grace period; Pero iyong sa residential po, iyong grace period para sa renta ay para lamang po sa areas na ECQ. Iyong mga area na nasa GCQ kinakailangan na pong magbayad – that's per the Department of Trade and Industry.

**USEC. ROCKY:** May tanong po si Rose Novenario na kasunod si Reymund Tinaza. Si Rose ng Hataw: Paano daw po iyong transient dito sa Metro Manila at inabot ng lockdown dahil nagpa-chemo at radiation therapy pero taga-Palawan. Tapos na daw po iyong medical procedures na ginawa sa kaniya at nais nang umuwi sa probinsiya para makapagpahinga nang lubos sa kanilang bahay sa Palawan na nasa GCQ? Naililikas ba ng gobyerno ang mga Pinoy galing sa ibang bansa, puwede ho bang gawin ito sa Pilipinas?

**SEC. ROQUE:** Okay. Secretary Año?

**SEC. AÑO:** Yes. Iyang mga ganiyang cases puwede nating i-accommodate at isabay sa mga sweeper flights. Makipag-ugnayan lang sa DILG o kaya ay dito sa ating – ang mga nag-a-arrange kasi ng sweeper flights natin ay ang Department of Tourism, kay Secretary Berna Puyat – So

pupuwedeng makipag-ugnayan lang doon. At kung kailan iyong schedule na sweeper flights going to Palawan ay ia-accommodate natin.

**SEC. ROQUE:** Uulitin ko nga pala po, bukod pa diyan ay ang mga estudyanteng stranded po sa Maynila dahil matagal pa po ang pagbubukas ng pasok, pupuwede po kayong makipag-ugnayan sa DOT dahil lahat po ng estduyante galing sa Maynila papunta ng probinsiya ay bibigyan po ng tulong. Next question?

**USEC. ROCKY:** From Reymund Tinaza: Ano daw po ang comment ninyo sa information regarding apparent lack of coordination with IATF or the sub-agency in charge doon daw po sa arrival ng mga seafarers in Bacolod City? They were sent to unfinished low-cost housing project in the town of EB Magalona where the facilities appear to be wanting from the minimum quarantine accommodations. Sinabi daw po ito, according to Gov. Eugenio 'Bong' Lacson ng Negros Occidental, na there was no direct coordination by the OWWA with his office on the returning seafarers.

**SEC. ROQUE:** Secretary Año?

**SEC. AÑO:** Sige, titingnan po natin iyong insidente na iyan sapagkat according to our algorithm at protocol ay ang lahat ng OFWs na nakatapos na ng 14-days quarantine at na-test na rin ay puwede nang umuwi sa kanilang mga LGUs, ihahatid sila doon, at sila naman ay tatanggapin ng ating mga LGUs. At provided also na kailangan in advance ay maimpormahan ang ating mga LGUs.

Remember, mayroon tayong 16,000 OFWs ngayon na naka-quarantine dito, iba-ibang duration, around Metro Manila kapag natatapos na iyan ay ihahatid natin sila. Sa ating mga local government units naman na tatanggap sa ating mga OFWs, ang mga ito ay nag-undergo na ng 14 days quarantine at sa ngayong algorithm natin ay ite-test sila depende kung rapid testing kit kapag malapit na matapos ang kanilang quarantine o kung bago pa lang ay PCR.

So, pagdating po ng mga OFWs sa inyong lugar, okay na po iyan, kung ire-require pa ninyo ng quarantine - home quarantine ay okay din. Kung gusto naman ninyo ay 14-days quarantine sa inyong facility, nasa sa inyo din iyan pero we will guarantee na ano na talaga iyan, safe na safe na talaga iyan. Ang sabi pa nga natin - ang ating comparison - kapag deliver po diyan ay ready to eat na iyan pero kung gusto pa ninyong initin, nasa inyo na iyan para mas masarap kainin. Ang bottom line, ligtas na ang lahat ng OFW na makakarating sa inyo.

**SEC. ROQUE:** Okay. Mayroon din po akong text message from Marina: Nakipag-ugnayan na po sila sa provincial government.

Yes, next question?

**USEC. IGNACIO:** Iyong tanong ni Genalyn Kabiling ng Manila Bulletin kapareho na po ng naging tanong ni Kris ng Remate.

Si Angel Ronquillo na lang po ng RMN. Inilunsad ng Taguig LGU kahapon iyong drive-thru COVID-19 testing center sa BGC kung saan iyong mga interesadong magpa-test ay tatawag sa kanilang COVID-19 hotline tapos bibigyan sila ng control number. Iyong mga residente na mag-a-undergo sa drive-thru testing center at kanila itong ipipresenta kapag sasalang na sa testing. Pinag-aralan na po ba ng IATF iyong ganitong sistema?

**SEC. ROQUE:** General Año…

**SEC. AÑO:** Yes, oo. Ito ay mga inisyatibo at innovations na ginagawa ng ating mga LGUs, at natutuwa tayo 'no sa—lalo na dito sa National Capital Region 'no, marami silang magagandang mga best practices at innovation. Ito na nga iyong kay Mayor Lino Cayetano na sa mga pag-test at pag-contact tracing ay talagang napakabilis nila sa pag-aksyon. So ito iyong mga innovations na wini-welcome natin at sana ay gayahin din ng iba pang mga LGUs para mas madali nating ma-conduct ang test. Ito lang talaga ang ating pinakaimportanteng weapon sa ngayon, ang testing at ang contact tracing. Ito ang mag-a-unmask kung sino ang may virus at kapag mataas ang capacity natin na ganiyan, hindi na natin kailangan mag-lockdown.

**SEC. ROQUE:** Okay, mayroon pa bang tanong?

**USEC. IGNACIO:** May mga tatlong tanong na lang, Secretary. From Sam Medenilla ng Business Mirror. Ano daw po iyong initial amount from DBM ng uncommitted funds from government agencies na gagamitin po ng government for its COVID-19 related programs; at magkano daw po ang supplemental budget which will be requested by Malacañang sa Congress for COVID program? Saan po kaya naka-allocate ang programs, iyong bulk ng supplemental budget?

**SEC. ROQUE:** Wala pa po, dahil ang deadline po para sa mga ahensiya na sabihin sa DBM kung ano iyong mga pondong pupuwedeng ma-realign ay today, April 30. So wala pa pong pigura iyan 'no at natural dahil hindi pa natin alam kung magkanong pondo na pupuwedeng ma-realign, hindi pa natin alam kung magkanong supplemental budget na hihingin.

Next question, please.

**USEC. IGNACIO:** From Doris Bigornia: "As per DILG Undersecretary Martin Diño, naiipit sa mga mayors ang SAP. Ano ba ang directive ng Palasyo since ngayon daw ibinigay ang deadline para sa SAP distribution? May letter request din ang metro mayors sa DSWD para magkaroon ng extension up to May 15 ang SAP distribution. Maari po ba itong mapagbigyan?"

**SEC. ROQUE:** Iyong extension already answered, but Secretary Año will answer the first question.

**SEC. AÑO:** Yes, oo. Nasagot na natin iyon kanina 'no, na mayroon tayong extension pero 7 days lang. Now iyong binanggit naman ni Usec. Diño, ito ay babala para naman ang ating mga LGUs ay mas bumilis kumilos at iwasan kung anumang mga katiwalian.

Siguro nabanggit iyong mayors diyan ay tungkol doon sa unang tanong din kanina na baka gagamitin sa pagpulitika, so sabi ko nga sa panahon na ito ay last ang pulitika. Kailangan natin dito bayanihan para tapusin itong COVID-19 virus.

**SEC. ROQUE:** Okay, mayroon pa bang tanong? Last words from Secretary Bautista, assurance po sa SAP.

**SEC. BAUTISTA:** Yeah, opo. Unang-una, nais kong pasalamatan ang ating mga LGU sa tulong ng ating AFP, PNP, DILG sa sinasabi nating 24/7 para maiabot ang ayuda sa ating mga kababayan ‘no. Nais ko ring magpasalamat sa mga benepisyaryo na voluntarily isinoli iyong mga natanggap nilang mga ayuda dahil sa duplikasyon, at mayroon din tayong mga benepisyaryo na pinagsama-sama iyong kanilang mga na-receive na ayuda para ibigay sa mga mas lalong nangangailangan.

At higit sa lahat, nais kong pasalamatan ang ating AFP and PNP, iyong talagang serbisyo nila para maiparating iyong ayuda ng Social Amelioration Program. I’m sure aware kayong lahat na marami nang buhay ang nabuwis sa ating mga kasundaluhan at kapulisan para masigurado lang na maiparating sa ating mga kababayan ang ayuda.

**SEC. ROQUE:** Okay, si Secretary Año…

**SEC. AÑO:** Thank you. Susugan ko lang iyong sinabi ni Secretary Bautista na kasi ito ay personal na mga na-experience ng aming mga field officers dito, lalo na sa Mindanao specifically Region XII ‘no, karamihan sa kanila nagsoli noong kanilang SAP at sinabi nila na may pagkain pa sila, ibigay na lang sa mas nangangailangang pamilya. Ito talaga nakakaantig ng damdamin, iyong mga ganitong sinasabi ng ating mga kababayan na puwede nilang tanggapin at itago na lang nila, i-stock nila pero ibinigay pa rin nila, isinoli para maibigay sa iba pang mga mas nangangailangan. So iyon po ang tunay na talagang diwa ng bayanihan.

Pero gusto ko ring pasalamatan ang ating law enforcers ‘no, ang PNP, ang AFP, ang Bureau of Fire Protection at saka BJMP. Sila iyong mga frontliners natin sa men in uniform, at of course ang aming mga DILG field officers and more especially our local government units, our local chief executives, sila ang mga field marshals, mga generals na tinatawag natin na nangunguna sa laban na ito at maraming sakripisyo ang ginagawa nila sa panahon na ito.

Kaya sa ating mga local government officials, nasa inyo ang pagtatagumpay natin. At gusto ko lang sabihin na nasa—ibibigay ko ang lahat ng suporta na puwedeng maibigay ng departamento.

At sa mga kababayan natin, tayo talaga ang nasa frontline dito, ang individual na tao na kung hindi ka mahahawa at hindi ka makakapanghawa, matatapos ito. So iyon lang, i-maintain natin ang ating physical distancing, kailangan isuot natin iyong ating mga face mask at higit sa lahat huwag kang lalabas ng bahay kung hindi naman kinakailangan. Together, we can beat this virus.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat kay Secretary Bautista, kay Secretary Año. Alam ninyo po minabuti naming imbitahan sila ngayon dahil alam namin na importante po itong usaping SAP at ang kanilang mga departamento po ang nasa gitna ‘no, harapan ng pagbibigay ng SAP.

Ang mensahe lang po ng Presidente, naintindihan po namin ang hirap ng buhay under ECQ at lahat naman po ay gagawin natin para makaabot sa inyo sa lalong mabilis na panahon ang ayuda na galing sa inyong gobyerno.

Maraming salamat. Magandang araw po and keep safe Philippines. Thank you very much, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat, Presidential Spokesperson Harry Roque. Maraming salamat din sa Malacañang Press Corps. Sa ngalan po ng RTVM at People's Television Network, ako po si Rocky Ignacio. Salamat po.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)